Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
**MUNICIPALITY OF BULALACAO**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, Oriental Mindoro, 5214

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NGAYONG IKA-9 NG ENERO 2006 DITO SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Salvador A. Magalay | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | - | Konsehal |
| Kgg. Gabriel C. Hermilao | - | -do- |
| Kgg. Efren S. Acosta | - | -do- |
| Kgg. Rosalinda M. Cabagay | - | -do- |
| Kgg. Leonardo A. Andallon | - | -do- |
| Kgg. Sanny O. Madra | - | -do- |
| Kgg. Roberto A. Hilario | - | -do- |
| Kgg. Eric Michael R. Pajotal | - | -do- |
| Kgg. Juan L. Salas, Sr. | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |
| Kgg. Joseph Rey S. Amparo | - | Pangulo, Pederasyon ng SK |

**HINDI NAKADALO:** Wala

x--------------------------------------------------------------------------------------------x

## KAUTUSAN BLG. 06-01-058

KAUTUSANG NAGTATAKDA NG MGA LUGAR BILANG "NON-SMOKING AREA" DITO SA BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO

**May-Akda: Kgg. Rosalinda M. Cabagay**
**Tserman: Lupon ng Kalusugan at Sanitasyon**

Ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro ay nag-aatas ng mga sumusunod:

"**SEKSYON 1.** Mahigpit na ipinagbabawal ang paninigarilyo sa mga pampublikong lugar na itinakda ng Sangguniang Bayan bilang "Non-Smoking Area";

**SEKSYON 2.** Ang mga lugar na itinakda bilang "Non-Smoking Area" ay ang mga sumusunod:

a) Municipal Building
b) Simbahan
c) Municipal Gymnasium
d) Bulalacao Community Hospital
e) Rural Health Unit
f) Ugnayan Center
g) Lodging houses
h) Pampasaherong sasakyan (tricycle, single motorcycle, bus, jeep, shuttle van, motor banca)
i) Agricultural Center/Breeding Station, AC/BS Dormitory
j) Paaralan
k) Karinderya/Fast Food Chains
l) Police Station

Scanned with CamScanner

**SEKSYON 3.** Maaaring magtalaga ng "Smoking Area" sa mga nabanggit na lugar kung may nais manigarilyo subalit dapat na ito ay malayo at hindi makakaapekto sa publiko;

**SEKSYON 4.** Ang multa na malilikom ng Tanggapan ng Pambayang Ingat-Yaman ay mapupunta lamang sa Municipal General Fund.

**SEKSYON 5.** Ang sinumang lumabag sa Kautusang ito ay papatawan ng sumusunod na kaparusahan:

Unang Paglabag – Php200.00
Ikalawang Paglabag – Php500.00
Ikatlong Paglabag – Php1,000.00

**SEKSYON 6.** Ang lahat ng kautusan na salungat sa Kautusang ito ay pinawawalang bisa na.

**SEKSYON 7.** Ang Kautusang ito ay magkakabisa sampung (10) araw matapos ang pagpapatalastas.

**ISINABATAS"** ngayong ika-9 ng Enero,2006, Bulalacao, Silangang Mindoro.

x--------------------------------------------------------------------------------x

**GUILLERMO G. SALAS, JR.**
Konsehal

**GABRIEL C. HERMILAO**
Konsehal

**EFREN S. ACOSTA**
Konsehal

**ROSALINDA M. CABAGAY**
Konsehal

**LEONARDO A. ANDALLON**
Konsehal

**SANNY O. MADRA**
Konsehal

**ROBERTO A. HILARIO**
Konsehal

**ERIC MICHAEL R. PAJOTAL**
Konsehal

**JUAN L. SALAS, SR.**
Pang., Liga ng mga Brgy.

**JOSEPH REY S. AMPARO**
Pangulo, SK Pederasyon

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**SALVADOR A. NAGALAY**
Pangalawang Punong Bayan/Tagapamanihala ng Pulong

**SINAKSIHAN:**

**SIXTO C. BARRIENTOS**
Kalihim ng Sanggunian

**PINAGTIBAY:**

**ENGR. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 01-17-06

Vrd.ord.doc
060110.bma/